Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Adobe Fonts Service

May bisa simula Oktubre 7, 2024. Pamalit sa lahat ng naunang bersyon.

Pinamamahalaan ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ang iyong paggamit sa Adobe Fonts service at isinasama ito sa pamamagitan ng pagbanggit sa Mga Pangkalahatang Tuntunin ng Paggamit ng Adobe ("**Mga Pangkalahatang Tuntunin**") na makikita sa www.adobe.com/go/terms_ph (ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito at ang Mga Pangkalahatang Tuntunin ay sama-samang tinutukoy bilang "**Mga Tuntunin**"). Ang mga naka-capitalize na terminong hindi binigyang-kahulugan dito ay may kahulugang tulad rin ng tinutukoy sa Mga Pangkalahatang Tuntunin. Ang mga pagbanggit ng "(Mga) Serbisyo" sa Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ay ayon sa tinutukoy sa seksiyon 1.14 ((Mga) Serbisyo).

1. Mga Kahulugan.

1.1 Ang ibig sabihin ng "**Account**" ay ang account (kasama na ang anumang Adobe ID at user profile) na nililikha mo kapag una kang nagparehistro sa Serbisyo, kasama na ang anumang natatanging key o identifier na ibinibigay namin sa iyo o kaya naman ay ginagamit para iugnay ka sa iyong account.

1.2 Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Adobe Subscription Plan**" ay ang libre o bayad na antas ng membership sa anumang alok na membership o subscription mula sa Adobe, kasama na ang, pero hindi limitado sa, mga subscription plan ng Adobe Creative Cloud at Adobe Document Cloud.

1.3 Ang ibig sabihin ng "**Computer**" ay isang virtual o pisikal na device para sa pag-store o pagpoproseso ng data, gaya ng mga server, desktop computer, laptop, mobile device, device na nakakonekta sa Internet, at produktong hardware. Kung ang isang device ay naglalaman ng higit sa isang virtual environment (kasama na ang mga virtual machine at virtual processor), ang bawat virtual environment ay ituturing na isang hiwalay na Computer.

1.4 Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Desktop Font**" ay ang mga font o font family na ginagawa naming available sa iyo sa pamamagitan ng Serbisyo na maaari mong i-synchronize sa iyong Computer at gamitin para sa paggawa ng Mga Dokumento.

1.5 Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Dokumento**" ay anumang anyo ng electronic na dokumento, ipinamamahagi man sa publiko o hindi, na gumagamit ng Mga Desktop Font, naka-embed man o hindi, kasama na ang para sa pagpapakita o ng sinumang tumitingin o nag-e-edit ng Dokumento.

1.6 Ang ibig sabihin ng "**Dokumentasyon**" ay ang nakasulat na mga materyales, file, o iba pang dokumentasyong para sa user na nagpapaliwanag na kasama ng Lisensyadong Content, na pina-publish, o ginagawang available o ibinibigay namin sa iyo, kaugnay ng iyong paggamit ng Serbisyo.

1.7 Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Licensor**" ay ang third party na naglilisensya sa amin ng anumang Lisensyadong Content na ginagawa naming available para magamit mo.

1.8 Ang ibig sabihin ng "**Lisensyadong Content**" ay ang Mga Desktop Font, Mga Marketplace Font, Mga Web Font, Mga Web Project, ang Serbisyo, at lahat ng Update dito.

1.9 Ang ibig sabihin ng "**Mga Lisensyadong Font**" ay (A) ang mga font o font family na nililisensya sa iyo sa pamamagitan ng Serbisyo para sa iyong paggamit alinsunod sa Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito; at (B) ang Mga Marketplace Font.

1.10 Ang ibig sabihin ng "**Mga Marketplace Font**" ay ang mga font o font family na binili mo nang hiwalay sa pamamagitan ng Serbisyo at nililisensya para sa paggamit mo alinsunod sa mga tuntunin ng lisensya ng end user namin o ng aming Licensor.

1.11 Ang ibig sabihin ng "**Media**" ay anumang Dokumento o Website na indibidwal at sama-sama.

1.12 Ang ibig sabihin ng "**Publisher**" ay ang indibidwal o entity na nagmamay-ari o kumokontrol sa content, maliban sa Lisensyadong Content, na lumalabas sa Media.

1.13 Ang ibig sabihin ng "**Reseller Platform**" ay anumang serbisyong nagbibigay-daan sa mga customer o kliyente nito na pumili ng mga font para sa mga website o iba pang produkto na ibinibigay nito sa ngalan nila (*hal.*, mga platform sa pag-blog, mga profile sa social network, atbp.)

1.14 Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Serbisyo**" ay ang serbisyo ng Adobe Fonts, at lahat ng iba pang serbisyo, feature, o content na ginawang available mula sa, sa loob ng, o gamit ang serbisyo ng Adobe Fonts.

1.15 Ang ibig sabihin ng "**Mga Update**" ay anumang update, pagrebisa, pagbabago, o pagdagdag na maaari naming gawin at i-deploy o ibigay sa iyo anumang oras para i-upgrade, dagdagan, o pahusayin ang Serbisyo, basta't hindi ito ibinibigay sa ilalim ng mga hiwalay na tuntunin. Wala kaming pananagutan sa iyo sa anumang paraan para sa kahit anong nasabing pagbabago.

1.16 Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Website**" ay mga website, webpage, o content ng webpage na idinidisenyo, dine-develop, o nililikha mo, na pina-publish, at nagsasama, nag-a-access, at nagpapakita sa publiko ng mga Web Font gamit ang Serbisyo.

1.17 Ang ibig sabihin ng "**Mga Web Font**" ay ang font o mga font family na ginagawa naming available sa iyo sa pamamagitan ng Serbisyo na maaari mong gamitin para gumawa ng mga Website.

1.18 Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Web Project**" ay ang software package na ginagawa mo sa pamamagitan ng Serbisyo na binubuo ng iyong gustong mga setting, mga napiling Lisensyadong Font, mga format, mga style sheet, iba pang software code, at anumang code na nagra-wrap at tumutukoy sa bawat Lisensyadong Font at namamahala at sumusubaybay sa paggamit ng Mga Lisensyadong Font kaugnay ng mga Website.

2. Mga Pangunahing Tuntunin.

2.1 **Mga Adobe Subscription Plan.** Kasama sa Serbisyo ang (A) isang libreng Adobe Subscription Plan; at (B) isang may bayad (bayad) na Adobe Subscription Plan na nagbibigay-daan sa iyong i-access ang Mga Lisensyadong Font para magamit sa iyong Media. Ang ilang binabayarang Adobe Subscription Plan ay maaari ding magkaroon ng trial period.

2.2 **Pag-upgrade; Mga Marketplace Font.**

(A) Kung naka-subscribe ka sa isang libreng Adobe Subscription Plan, nauunawaan mo na ang ilang Lisensyadong Font na naa-access mo ay maaaring ialok lang sa ilalim ng isang bayad na Adobe Subscription Plan sa hinaharap. Bilang resulta, maaaring kailanganin mong i-upgrade o baguhin ang napili mong Adobe Subscription Plan para patuloy na makatanggap ng access sa nasabing Mga Lisensyadong Font.

(B) Kung mag-a-upgrade ka mula sa isang libreng Adobe Subscription Plan patungo sa isang bayad na Adobe Subscription Plan, ang termino ng libreng Adobe Subscription Plan ay magtatapos kapag nag-upgrade ka, at ang angkop na bayad para sa bagong bayad na Adobe Subscription Plan ay sisingilin kaagad sa iyong credit card sa oras na mag-upgrade ka.

(C) Kung ida-downgrade mo ang iyong binabayarang Adobe Subscription Plan o kakanselahin ang iyong binabayarang Adobe Subscription Plan, awtomatiko kang bibigyan ng libreng Adobe Subscription Plan. Kinikilala mo na ang paggawa nito ay maaaring magresulta sa pagkawala ng ilang partikular na feature o pagbaba sa kapasidad ng paggamit o mga limitasyon sa paggamit na nauugnay sa iyong Account. Wala kaming pananagutan para sa nasabing pagkawala. Kung ang iyong binabayarang Adobe Subscription Plan ay ipapagpalit sa isang libreng Adobe Subscription Plan, patuloy kang magkakaroon ng access sa Mga Marketplace Font na binili mo.

3. Ang Iyong Mga Karapatan at Obligasyon; Mga Limitasyon at Paghihigpit sa Iyong Paggamit ng Lisensyadong Content.

3.1 **Paggamit Mo ng Mga Lisensyadong Font.** Depende sa Adobe Subscription Plan o Mga Marketplace Font na pipiliin mo, maaaring mag-iba-iba ang Mga Lisensyadong Font na magagamit mo. Ang ilang feature, functionality o kategorya ng Mga Lisensyadong Font ng Serbisyo na inilarawan sa Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ay maaaring hindi available sa isang libreng Adobe Subscription Plan. Sa pagpaparehistro, pag-access, o paggamit ng anumang bahagi ng Mga Lisensyadong Font, at alinsunod sa partikular na Adobe Subscription Plan na napili mo (at pagbabayad ng mga bayarin sa Adobe Subscription Plan, kung angkop), binibigyan ka namin ng karapatan at lisensyang di-eksklusibo, di-naitatalaga, di-naililipat, at limitado para i-access at gamitin ang Mga Lisensyadong Font sa at kaugnay ng pagdisenyo at pag-develop ng Media ayon sa mga pahintulot na itinatalaga sa Mga Lisensyadong Font sa website ng Adobe Fonts, at hangga't nagpapanatili ka ng isang walang patid na Adobe Subscription Plan. Ang lisensyang ibinibigay sa seksiyon 3.1 na ito (Paggamit Mo ng Mga Lisensyadong Font) ay napapailalim sa sumusunod:

(A) **Desktop Publishing.**

Maaari kang gumamit ng Mga Desktop Font upang magdisenyo at mag-develop ng Mga Dokumento at maaari kang mag-embed ng mga kopya ng Mga Desktop Font sa iyong Dokumento para sa layunin ng pag-print at pagtingin sa dokumento. Ang font ay dapat i-subset para isama lang ang mga glyph na kailangan para sa pagpapakita ng likha, at dapat i-obfuscate o protektahan ng Dokumento ang naka-embed na data ng font laban sa sinasadya o di-sinasadyang pagtuklas o maling paggamit. Walang ibang karapatan sa pag-embed ang ipinahihiwatig o pinahihintulutan sa ilalim ng lisensyang ito.

(B) **Website Publishing.** Kung pinahihintulutan ng iyong Mga Lisensyadong Font ang paggamit para sa pag-publish ng website:

Maaari mong gamitin ang Mga Web Font upang idisenyo at i-develop ang iyong Mga Website at lumikha ng isang Web Project para sa mga nasabing layunin. Maaari mong i-reference o i-encode ang isang link sa Web Project sa loob ng disenyo ng iyong Website. Walang nang ibang paggamit sa web ang pinahihintulutan.

3.2 **Paggamit ng Negosyo sa Mga Web Project.** Kung isa kang Business User, sang-ayon ka na ang Mga Web Project sa iyong Business Profile ay kokontrolin ng Negosyong nauugnay sa Business Profile na iyon para sa layunin ng paglilipat ng nasabing Mga Web Project sa ibang Business User.

3.3 **Paggamit ng Lisensyadong Content ng Mga Publisher na Ginagawan Mo ng Mga Website.** Ang mga publisher na ginagawan mo ng mga Website ay dapat bumili ng sarili nilang subscription sa Serbisyo para patuloy na magamit at maipakita ang Lisensyadong Content sa ngalan nila kapag nakumpleto na ang (mga) Website. Hindi mo maaaring i-host ang Mga Web Font o Web Project para sa Publisher o i-resell ang Serbisyo sa kanila.

3.4 **Mga Obligasyon, Limitasyon, Paghihigpit, at Ipinagbabawal na Paggamit ng Lisensyadong Content.**

(A) **Paggawa ng Mga Kopya ng Dokumentasyon.** Maaari kang gumawa ng mga kopya ng Dokumentasyon, pero hindi dapat ito hihigit sa dami na makatwirang kailangan para sa iyong panloob na sanggunian kaugnay ng iyong paggamit ng Lisensyadong Content.

(B) **Pagpapatuloy ng Access sa Mga Lisensyadong Content.** Ang patuloy na pag-access sa Lisensyadong Content ay maaaring mangailangan ng tuloy-tuloy na koneksiyon sa Internet upang magamit o ma-activate ang Lisensyadong Content, o para pahintulutan, i-renew, o patunayan ang iyong pag-access sa Lisensyadong Content. Sa ilang sitwasyon, maaaring magbigay sa iyo ang Serbisyo ng kakayahang pahintulutan ang mga third party na ma-access ang Lisensyadong Content na idinidisenyo mo sa Media at tingnan o i-edit lang ang Media hangga't nagpapanatili ka ng walang patid na Adobe Subscription Plan (kasama na ang pagbabayad ng lahat ng bayarin sa Adobe Subscription Plan kung angkop).

(C) **Mga Kasamang Open Source na Component.** May mga bahagi ng Lisensyadong Content na maaaring gumagamit o naglalaman ng mga component at software program na open source software. Ang iyong paggamit ng nasabing Lisensyadong Content ay pamamahalaan din ng mga tuntunin ng anumang open source na lisensya na tinutukoy sa mga file ng copyright o mga paunawa sa lisensya na kasama ng Lisensyadong Content.

(D) **Panatilihin ang Mga Umiiral na Abiso.** Ang Lisensyadong Content ay maaaring ibigay sa iyo nang may ilang partikular na abiso ng pagmamay-ari, kasama na ang mga paunawa sa patent, copyright, at trademark. Dapat mong panatilihin nang eksakto nang tulad ng ibinigay (at hindi alisin o baguhin) ang lahat ng nasabing paunawa sa pagmamay-ari na ipinapakita sa Mga Lisensyadong Content.

(E) **Mga Ipinagbabawal na Paggamit ng Lisensyadong Content.** Maliban kung pinahihintulutan alinsunod sa anumang tuntunin ng open source na lisensya na angkop sa ilang partikular na open source na component na maaaring kasama o ipinamamahagi nang kasama sa Lisensyadong Content, tasahan kang pinagbabawalan na:

(1) i-host ang Lisensyadong Content sa sarili mong server o iba pang opsiyon o serbisyo ng self-hosting;

(2) kasama na ang, pag-bundle, pag-embed, o kaya naman ay pamamahagi ng anumang Lisensyadong Content sa loob ng iyong Media, o pag-sublicense ng iyong access para maipagamit ang anumang bahagi ng Lisensyadong Content sa sinupamang tao, maliban sa inilalarawan sa seksiyon 3.1 (Paggamit Mo ng Mga Lisensyadong Font) ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito;

(3) payagan ang external output ng Mga Lisensyadong Font mula sa loob ng iyong Media, o magbahagi ng anumang bahagi ng Mga Lisensyadong Font nang paisa-isa o sa anumang paraang magbibigay-daan sa ibang tao na gamitin ang Mga Lisensyadong Font, maliban kung iniimbitahan mo ang taong mag-edit o mag-akda ng bagong content sa loob ng iyong Media;

(4) magdagdag ng anumang functionality sa, o kaya naman ay magbago, mag-angkop, mag-translate, mag-convert, lumikha, o gumawa ng anumang likhang hinango sa anumang bahagi ng Mga Lisensyadong Font;

(5) i-disassemble, i-decompile, i-reverse engineer, o kaya naman ay subukang tuklasin ang source code ng isang Web Project o Mga Lisensyadong Font, o talunin, i-bypass, o kaya naman ay iwasan ang anumang mekanismo ng pagprotekta sa software sa isang Web Project o Mga Lisensyadong Font, maliban kung ang mga paghihigpit na ito ay partikular na ipinagbabawal ng mga angkop na batas ng hurisdiksyon kung saan ka matatagpuan. Dapat mo munang hilingin ang impormasyon mula sa amin at maaari naming pagpasyahang ibigay ang impormasyon sa iyo o magpataw ng mga makatwirang kundisyon, kasama na ang mga makatwirang bayarin, sa iyong paggamit ng Mga Lisensyadong Font para matiyak na napoprotektahan ang mga Karapatan sa Intelektuwal na Ari-arian namin at ng mga Licensor namin sa Lisensyadong Content;

(6) magtalaga, magbigay ng security interest sa, o kaya naman ay maglipat ng anumang bahagi ng iyong mga karapatang gamitin ang Mga Lisensyadong Font;

(7) subukang kopyahin, ilipat, o alisin ang Mga Lisensyadong Font mula sa isang Web Project, o mula sa mga lokasyon o folder sa iyong Computer kung saan namin na-install ang nasabing Mga Lisensyadong Font, o kaya naman ay subukang i-access o gamitin ang Mga Lisensyadong Font maliban sa direktang pag-subscribe sa Serbisyo gamit ang mga paraang ibinibigay namin para sa mga nasabing layunin;

(8) kopyahin o ipamahagi ang Mga Lisensyadong Font (maliban kung tahasang pinahihintulutan para sa Mga Lisensyadong Font na naka-embed sa ilang uri ng Media ayon sa seksiyon 3.1(A) (Desktop Publishing) ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito) para gamitin sa isang service bureau, tulad ng isang komersiyal na printing service provider;

(9) magbahagi ng access sa Mga Desktop Font na na-synchronize sa iyong Computer;

(10) mag-render, mag-manufacture, o mag-capture ng mga glyph, nang buo o bahagya, na ipamamahagi o ibebenta bilang isang font o typesetting system;

(11) mag-host ng Mga Web Font o Mga Web Project para sa iyong sariling mga customer o kliyente, o i-resell ang Serbisyo sa kanila; at

(12) gumamit ng anumang bahagi ng Lisensyadong Content sa isang Reseller Platform nang walang nakasulat na lisensya mula sa amin.

(F) **Pagsunod sa Mga Tuntuning Partikular sa Produkto**. Maaari kaming humiling ng mga rekord na nauugnay sa iyong pagsunod sa Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito nang nagbibigay ng makatwirang pag-abiso, at sang-ayon kang magbigay ng mga nasabing rekord sa amin sa loob ng tatlumpung (30) araw pagkatapos matanggap ang aming kahilingan.

4. Iba pang Mga Karapatan at Obligasyon.

4.1 **Suporta**. Ang teknikal na suporta ay ibinibigay lang sa mga bayad na kalahok sa Adobe Subscription Plan. Upang magbigay ng teknikal na suporta, maaaring kailanganin naming makipag-ugnayan sa iyo o sa iyong mga tauhan at humiling ng access sa iyong mga system o network. Kung hindi kayo makikipagtulungan, maaari nitong malimitahan ang saklaw ng suportang maibibigay namin sa iyo.

4.2 **Pagwawakas.**

(A) Kinikilala mo at sang-ayon ka na maaari kaming kumuha ng ilang Lisensyadong Content mula sa Mga Licensor na nagmamay-ari o may mga karapatan na maglisensya sa nasabing Lisensyadong Content. Ang iyong karapatan at lisensya para gamitin ang Lisensyadong Content na ito at isama ito sa Media ay nakasalalay sa patuloy na pagpapatupad ng anumang kasunduan sa pagitan namin at ng aming mga Licensor. Kung magwawakas ang mga nauugnay na kasunduan sa pagitan namin at ng aming Mga Licensor, magagamit mo pa rin ang Lisensyadong Content sa iyong Media, maliban kung bibigyan ka namin ng paunawa ng pagwawakas. Susubukan naming bigyan ka ng paunawa sa loob ng makatwirang tagal ng panahon bago ang anumang nasabing pagwawakas.

(B) Maaari kaming magpasyang pansamantala o permanenteng suspendihin ang iyong Account kung malalaman naming may mga pagkakataon ng paggamit sa maling paraan, sobrang madalas na mga kahilingan sa Serbisyo, o iba pang labis na paggamit ng Serbisyo.

(C) Ang anumang pagtatangka na makagambala sa pagpapatakbo ng Lisensyadong Content sa anumang paraan ay maaaring may mga parusang kriminal at maaaring sumailalim sa imbestigasyon at pag-uusig.

4.3 **Mga Refund.** Hindi magkakaroon ng mga refund para sa pagkansela, pag-downgrade, o iba pang mga pagbabagong gagawin sa iyong pagbili ng Mga Marketplace Font.

4.4 **Privacy.** Para sa impormasyon tungkol sa mga kasanayan sa privacy ng Adobe Fonts, tingnan ang https://www.adobe.com/ph_fil/privacy/policies/adobe-fonts.html